# Ang Paninikluhod Yugto 3

Marami pang pangyayari na ating mababasa mula as Banal na Kasulatan tungkol sa paninikluhod at pagsamba sa harapan ng Panginoon, gaya ng Salitang 'Chachah' sapagkat ang pagsamba ay inulit ulit sa ibang mga lugar: -

9. Sa pagbibigay ng unang bunga: "1 At mangyayari, pagka nakapasok ka sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na pinakamana, at iyong inaari, at iyong tinatahanan;2 Na iyong kukunin ang mga una sa lahat ng bunga ng lupain, na iyong mga pipitasin sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios: at iyong isisilid sa isang buslo, at ikaw ay paroroon sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Dios, na patatahanan sa kaniyang pangalan:3 At paroroon ka sa saserdote sa mga araw na yaon, at sasabihin mo sa kaniya, Aking ipinahahayag sa araw na ito sa Panginoon mong Dios, na ako'y nasok sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa aming mga magulang, upang ibigay sa amin.4 At kukunin ng saserdote ang buslo sa iyong kamay at ilalagay sa harap ng dambana ng Panginoon mong Dios.5 At ikaw ay sasagot, at magsasabi sa harap ng Panginoon mong Dios, Isang taga Siria na kamunti nang mamatay ang aking ama; siyang bumaba sa Egipto, at nakipamayan doon, na kaunti sa bilang; at doo'y naging isang bansang malaki, makapangyarihan, at makapal:6 At kami ay tinampalasan ng mga taga Egipto, at pinighati kami at inatangan kami ng isang mabigat na pagkaalipin;7 At kami ay dumaing sa Panginoon, sa Dios ng aming mga magulang at dinig ng Panginoon ang aming tinig, at nakita ang aming kadalamhatian, at ang aming gawa, at ang aming kapighatian:8 At inilabas kami ng Panginoon sa Egipto ng kamay na makapangyarihan, at ng unat na bisig, at ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan:9 At kaniyang dinala kami sa lupaing ito, at ibinigay sa amin ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot.10 At ngayon, narito, aking dala ang mga una sa bunga ng lupa, na ibinigay mo sa akin, Oh Panginoon. At iyong ilalapag sa harap ng Panginoon mong Dios, at sasamba ka sa harap ng Panginoon mong Dios:11 At magagalak ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, at sa iyong sangbahayan, ikaw, at ang Levita, at ang taga ibang lupa na nasa gitna mo." (Deutronomio 26:1-11) Ang unang bunga ay ang unang kinita na ibinigay ng Diyos sa iyong buhay at iyon ang kailangan mong ibalik sa Diyos. Dito dinala nila ito sa Kanya na may pagsamba sa paninikluhod, pagkatapos nilang makapasok sa Lupang Pangako.

Karamihan sa mga Kristiyano ay hindi isinasagawa ang pagbibigay ng unang bunga kahit handa silang sumunod sa kinakailangang ito ng Panginoon sapagkat hindi alam pamahalaan ito. Kung ating isasaalang alang ang paglalagay sa Diyos una sa lugar ng ating pananalapi, tiyak ang Panginoon ay bibigyan tayo ng karunungan sa pagbibigay ng ating unang-bunga sa napapanahon na paraan. Natutunan natin sa Banal na Kasulatan na ang pagsasagawa ay upang ibigay ang unang bunga sa bawat ani na katumbas sa ating unang kinita kada taon, unang dagdag, at unang tubo ng bawat negosyo. Ang buwan na ibinigay natin ang ating unang bunga, kailangan din nating ibigay ang ating ikapo sa buwan na iyon.

Sa pagbibigay ng unang bunga ay dapat isagawa mula sa unang kinita. Ngunit sa ilang pagkakataon ang isang tao ay hindi makagawang magbigay ng unang bunga sapagkat wala siyang paraan para suportahan ang kanyang sarili. Kung hindi natin kayang ibigay ang ating unang bunga dahil wala tayong sapat na paraan para suportahan ang ating sarili o ang ating pamilya, sa ganoong paraan, kailangan nating ibigay ang ating buong ikapu sa bawat buwan. Pagkatapos noon, ihanda natin halos ang ating sarili sa pagbibigay ng ating unang bunga sa pag-aaral sa pagbagyet at sa pag-iipon,handang magdusa sa pag-iwas mula sa hindi kinakailangang paggasta at makamundong kasiyahan, mga salu-salo, mga paglalakbay, maluho at hindi kinakailangang paggastos, sa gayo'y tayo'y makapag-ipon at sa wakas ay makakayang magbigay ng unang bunga sa Panginoon sa tamang panahon. Maari ding nating disiplinahin ang ating sarili na magtabi kada buwan na pantay na halaga sa ating bawat buwan na kita upang makapagbigay tayo ng ating unang-bunga sa Diyos sa taong iyon. Bawat tao ay kailangang italaga ang kanyang sarili, na sa isang taon, kailangan niyang itabi ang isang buwang kita sa Panginoon bilang unang bunga. Kahit ang Panginoon ay inutusan ang mga Israelita na pagkatapos nilang maisaaayos sa lupaing ibinigay sa kanila ng Panginoon, na kinakailangang nilang itabi ang unang anak ng kanilang mga baka at ang una ng lahat ng bunga ng lupa.

"At may mga hubog sa palibot, na dalawang pu't limang siko ang haba, at limang siko ang luwang." (Ezekeil 44:30) "9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani:10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak." (Kawikain 3:9-10) Lumapit ngayon sa Kanya ng may pasasalamat sa iyong puso, pagdadala ng iyong unang bunga at manikluhod sa kanyang paanan at sambahin Siya upang ang Kanyang pagpapala ay dumaloy sa iyong buhay.

10. Sa pagtatayo sa templo ng Diyos: "1 At sinabi ni David na hari sa buong kapisanan, si Salomon na aking anak na siya lamang pinili ng Dios ay bata pa at sariwa, at ang gawain ay malaki; sapagka't ang templo ay hindi ukol sa tao, kundi sa Panginoong Dios.2 Akin ngang ipinaghanda ng aking buong kaya ang bahay ng aking Dios, ng ginto na ukol sa mga bagay na ginto, at ng pilak na ukol sa mga bagay na pilak, at ng tanso na ukol sa mga bagay na tanso, ng bakal na ukol sa mga bagay na bakal, at ng kahoy na ukol sa mga bagay na kahoy; ng mga batong onix, at mga batong pangkalupkop, ng mga batong panggayak, at may sarisaring kulay, at ng lahat na sarisaring mahalagang bato, at ng mga batong marmol na sagana.3 Bukod din naman dito, sapagka't aking inilagak ang aking loob sa bahay ng aking Dios, na yamang may tinatangkilik ako na aking sariling ginto at pilak, ay aking ibinibigay sa bahay ng aking Dios, bukod sa lahat na aking inihanda na ukol sa banal na bahay: 4 Sa makatuwid baga'y tatlong libong talentong ginto, na ginto sa Ophir, at pitong libong talentong dalisay na pilak upang ibalot sa mga panig ng mga bahay:5 Ginto na ukol sa mga bagay na ginto, at pilak na ukol sa mga bagay na pilak at sa lahat na sarisaring gawain na yayariin ng mga kamay ng mga manggagawa. Sino nga ang naghahandog na kusa upang magtalaga sa Panginoon sa araw na ito?6 Nang magkagayo'y naghandog na kusa ang mga prinsipe ng mga sangbahayan ng mga magulang, at ang mga prinsipe ng mga lipi ng Israel, at ang mga pinunong kawal ng lilibuhin at ng dadaanin, pati ng mga tagapamahala sa gawain ng hari: 7 At ibinigay nila sa paglilingkod sa bahay ng Dios, ay ginto, na limang libong talento, at sangpung libong dariko, at pilak na sangpung libong talento, at tanso na labing walong libong talento, at bakal na isang daang libong talent.8 At sila'y nangasumpungang may mga mahalagang bato ay nagsipagbigay sa kayamanan ng bahay ng Panginoon, sa ilalim ng kapangyarihan ng kamay ni Jehiel na Gersonita.9

Nang magkagayo'y nagalak ang bayan, dahil sa sila'y nangaghandog na kusa, sapagka't sila'y may dalisay na puso na nangaghandog na kusa sa Panginoon: at si David naman na hari ay nagalak ng dakilang pagkagalak.10 Kaya't pinuri ni David ang Panginoon sa harap ng buong kapisanan; at sinabi ni David, Purihin ka, Oh Panginoon, na Dios ng Israel na aking ama, magpakailan kailan man. 11 Iyo, Oh Panginoon ang kadakilaan, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang pagtatagumpay, at ang karangalan: sapagka't lahat na nangasa langit at nangasa lupa ay iyo: iyo ang kaharian, Oh Panginoon, at ikaw ay nataas na pangulo sa lahat. 12 Ang mga kayamanan at gayon din ang karangalan ay nangagmumula sa iyo, at ikaw ang nagpupuno sa lahat; at nasa iyong kamay ang kapangyarihan at kalakasan; at nasa iyong kamay ang pagpapadakila, at pagpapalakas sa lahat. 13 Kaya't ngayon, aming Dios, kami ay nagpasasalamat sa iyo, at aming pinupuri ang iyong maluwalhating pangalan.14 Nguni't sino ako, at ano ang aking bayan, na makapaghahandog na ganyang kusa ayon sa ganitong paraan? sapagka't ang lahat na bagay ay nangagmumula sa iyo, at ang iyong sarili ay aming ibinigay sa iyo. 15 Sapagka't kami ay mga taga ibang lupa sa harap mo, at mga nakikipamayan, gaya ng lahat naming mga magulang: ang aming mga kaarawan sa lupa ay gaya ng anino, at hindi nagtatagal.16 Oh Panginoon naming Dios, lahat ng bagay na ito na aming inihanda upang ipagtayo ka ng bahay na ukol sa iyong banal na pangalan ay nangagmumula sa iyong kamay, at iyong sariling lahat.17 Talastas ko rin, Dios ko na iyong sinusubok ang puso, at nalulugod sa katuwiran. Sa ganang akin, sa katuwiran ng aking puso ay aking inihandog na kusa ang lahat na bagay na ito: at ngayo'y nakita kong may kagalakan ang iyong bayan na nahaharap dito, na naghahandog na kusa sa iyo.18 Oh Panginoon, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel na aming mga magulang, ingatan mo ito magpakailan man sa akala ng mga pagiisip ng puso ng iyong bayan, at ihanda mo ang kanilang puso sa iyo:19 At bigyan mo naman si Salomon na aking anak ng sakdal na puso, upang ingatan ang iyong mga utos, ang iyong mga patotoo, at ang iyong mga palatuntunan, at upang gawin ang lahat na bagay na ito, at upang itayo ang templo, na siyang aking ipinaghanda.20 At sinabi ni David sa buong kapisanan, Ngayo'y purihin ninyo ang Panginoon ninyong Dios. At ang buong kapisanan ay pumuri sa Panginoon, sa Dios ng kanilang mga magulang, at iniyukod ang kanilang mga ulo, at sumamba sa Panginoon, at sa hari.” (1 Cronica 29:1-20) Sa paghahanda sa pagpapatayo ng templo ng Diyos, ang Panginoon ang nagbigay kay Solomon na maging kahalili ni David at itayo ang templo, at ibinigay ang pananalpai at ang materyal na kinakailangan. Ang mga ito ay dumating habang binabasa natin ang naipon ni David sa paglipas ng mga taon upang itayo ang bahay ng Diyos, ganon din mula sa mga tao na handang ihandog sa Panginoon sa paraan na iyon upang matugunan ang iba pang mga pangangailangan. Sa Pagtugon ng Panginoon sa ginawa ni David sa pangunguna sa mga tao upang magpuri sa Panginoon sila’y nagpakumbaba at nagpatirapa sa harapan Niya, ipinapahayag ang kanilang pasasalamat, katapatan, at ang kanilang kahandaan upang tanggapin ang nais ng Diyos mula sa kanila upang gawin para sa Kanyang templo para maitayo. * Sa parehong paraan ating ibigay ang ating buhay, panahon, at ang ating mga pinagkukunan upang itayo ang templo ng Diyos, ang Kanyang simbahan, at iyon ay tayo ang Kanyang templo, kung saan ang Banal na Espiritu ay sumasa atin. * Tayo ay lumapit sa Kanya sa pananalangain sa pagyukod sa Kanyang paanan, pananalangin, at magkaroon ng buong pagpapasailalim sa Kanyang kalooban upang maging isang masiglang bahagi at magkaroon ng isang susi na pamahalaan sa pagtatayo ng Kanyang simbahan habang tayo ay pumunta at magebanghelyo at gumawa ng mga bagong mga disipolo.

11. Si Solomon ay nanikluhod sa kanyang pananalangin sa paghahandog sa templon g Diyos pagkatapos niyang itinayo: “1 Nang makatapos nga ng pananalangin si Salomon, ang apoy ay lumagpak mula sa langit, at sinupok ang handog na susunugin at ang mga hain; at napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay.2 At ang mga saserdote ay hindi mangakapasok sa bahay ng Panginoon, sapagka't napuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang bahay ng Panginoon.3 At ang lahat na mga anak ni Israel ay nagsitingin, nang ang apoy ay lumagpak, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nasa bahay; at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa pabimento, at nagsisamba, at nangagpasalamat sa Panginoon, na nagsisipagsabi, Sapagka't siya'y mabuti; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.” (2 Cronica 7:1-3) Ang tanong dito ay ganito: Kung tayo’y maninikluhod at mananalangin ito ba ay magdadala sa Banal na Espiritu sa ating kalagitnaan at papahiran ang lahat ng gawa na ginagawa natin sa Panginoon? Ang sagot ay, Oo, ito ay maaring maging possible dahil kapag tayo naninikluhod, inaanyayahan natin ang Banal na Espiritu na lumapit at pusposin tayo, sapagkat tayo ay ang templo ng Diyos at ipanasailalim ang ating sarili sa Kanyang kalooban.

12. Sa pagtanggap ng Salita ng Diyos: “1 At ito ang basbas na ibinasbas ni Moises, tao ng Dios, sa mga anak ni Israel bago siya namatay.2 At kaniyang sinabi, Ang Panginoo'y nanggaling sa Sinai, At bumangon mula sa Seir na patungo sa kanila; Siya'y lumiwanag mula sa bundok ng Paran, At siya'y nanggaling sa laksa-laksa ng mga banal: Sa kaniyang kanan, ay may hawak na isang mahigpit na kautusan sa kanila.3 Oo't kaniyang iniibig ang bayan: Lahat ng kaniyang mga banal ay nasa iyong kamay: At sila'y umupo sa iyong paanan; Na bawa't isa'y tatanggap ng iyong mga salita.” (Deutronomio 33:1-3) Ginawa napakalinaw ni Moises sa lahat ng tribo ng mga Israelita na ang Panginoon ang nagbigay ng Kanyang Salita at mga tagubilin sa mga lumapit sa Kanya, nagpakumbaba, ipinakita na sa pamamagitan ng paninikluhod sa Kanyang paanan, hinahanap upang tanggapin ang mga tagubilin mula sa Kanya. * Hindi ibibigay ng Diyos ang Kanyang Salita sa mga mapagmataas at lumalakad ng may pagmamayabang, ngunit sa mga mapagpakumbaba at handang lumuhod at manikluhod sa paanan ng Panginoon at handang gawin ang Kanyang kalooban sa pakikinig sa Kanyang Salita. * Matutunang pagpakumbaba at lumapit sa Panginoon sa paninikluhod sa Kanyang paanan, upang ikaw ay pakainin ng Kanyang Salita. * Ang pinakamahalagang posisyon upang marinig ang Kanyang tinig ay kapag ikaw ay nasa Kanyang paanan.

13. Ang mabuting halimbawa sa paanan ng Panginoon at pakikinig sa Kanyang mga tagubilin at Salita at ang halimbawa ni Maria at ng kanyang kapatid na si Marta; “38 Sa pagyaon nga nila sa kanilang lakad, ay pumasok siya sa isang nayon: at isang babaing nagngangalang Marta, ay tinanggap siya sa kaniyang bahay. 39 At siya'y may isang kapatid na tinatawag na Maria, na naupo rin naman sa mga paanan ng Panginoon, at pinakikinggan ang kaniyang salita. 40 Nguni't si Marta ay naliligalig sa maraming paglilingkod; at siya'y lumapit sa kaniya, at sinabi, Panginoon, wala bagang anoman sa iyo, na pabayaan ako ng aking kapatid na babae na maglingkod na magisa? iutos mo nga sa kaniya na ako'y tulungan niya. 41 Datapuwa't sumagot ang Panginoon, at sinabi sa kaniya, Marta, Marta naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay:42 Datapuwa't isang bagay ang kinakailangan: sapagka't pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kaniya.” (Lucas 10:38-42) Si Maria ay nanatili sa paanan ng Panginoon upang marinig mula sa Kanya ang mga tagubilin na kinakailangan bago siya sumulong at masangkot sa kanyang pang araw -araw na mga gawain. Marami sa mga tao na nanambahan sa Diyos sila’y gumagawa ng maraming mga bagay at nasasangkot sa maraming mga paglilingkod at mga

gawain ngunit hindi sa Diyos dahil sila'y gumagawa ng mga bagay mula sa kanilang sariling pagiisip at imahinasyon ng walang pakikinig sa Diyos at kung ano ang Kanyang sinasabi sa kanila, dahil sila'y hindi naglalaan ng oras sa Kanyang paanan.

Sa aking Mahal at Minamahal: Ang iba't ibang Kasulatan na ating binalikang aralin ay nagpakita sa atin ng malinaw na kahalagahan ng paninikluhod sa paanan ng Panginoon, sapagkat mula sa Kanya matatanggap mo ang lahat ng mabubuting bagay at sa Kanyang mga tagubulin upang pangunahan ka sa paggawa ng tamang bagay sa iyong buhay. * Ang paninikluhod sa Kanyang paanan ay nagpapakita na ikaw ay handang gawin ang mga kautusan at ang mga tagubilin na ibinigay sa iyo gaya ng pagbibigay ng iyong unang bunga sa Diyos at sa iyong kagustuhan sa pagkuha ng iyong masiglang bahagi sa pagpapatayo ng templo ng Diyos, pag-anyaya sa Diyos upang puspusin tayo ng Banal na Espiritu at tanggapin ang espirituwal na mga kaloob para pumunta at magebanghelyo at gumawa ng mga disipolo at ang iyong kagustuhang marinig ang Kanyang tinig at tanggapin ang Kanyang Salita at ang Kanyang mga tagubilin na kailangan mong mabuhay para sa Kanya at upang maglingkod sa Kanya.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita sa akin na nagturo sa akin na mangagpasalamat at maging magalak sa lahat ng iyong mga pagpapala sa aking buhay.

Ating ipahayag at talikuran ang ating mga kasalanan: ang iyong kawalang kagustuhan na maglingkod sa Diyos at kawalang kagustuhang ibigay ang para sa Diyos.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan:

Panginoon ako'y naninikluhod sa iyong paanan, nagpapasalamat para sa lahat ng sa iyong nagawa, at hinihiling kong turun ako at pangunahan akong na gawin ang pinaka bagay na nais mo na gawin. Panginoo puspusin akong muli ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang esprituwal na mga kaoob na aking kailangan upang maglingkod sa iyo at abutin ang nawawala.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking kapatiran na itinalaga ang kanilang buhay sa iyo at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban, Panginoon tulungan mo sila na magparami ng bunga ng Banal na Espiritu upang ang kanilang mga katangian at pag-uugali ay maging kagaya ni Jesus at ang mga taong iyon ay makita ka sa kanilang buhay.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at gawin itong lumago. Panginoon aking ipinapanalangin ang maraming pag-eebanghelyo at maraming mga tao ang maabot para kay Cristo. Panginoon ako'y nanalangin para sa marami pang pag-aaral ng pangkat ng Bibliya at mga kapisanan na maitanm. Panginoon magbukas sa amin ng bagong larangan ng misyon, at isang misyon na paglalakbay na masimulan, bagong mga manggagawa na tawagin at mga lupain na mabuksan para sa ebanghelyo, at bagong mga kaluluwa na maniwala kay Jesus at pumunta sa Kaharian ng Diyos at bagong mga disipolo na magawa. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tulungan kami at protektahan kami habang kami'y nagsusumikap sa paglilingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com